DEPED OCCIDENTAL MINDORO
RELEASED
DATE: AUG 18 2022
DIVISION OFFICE
MAMBURAO

**Office of the Schools Division Superintendent**

Agosto 8, 2022

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 000309, s. 2022**

**2022 BIRTWAL NA PANDIBISYONG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

**Sa mga:** **Punong Superbisor sa Edukasyon - Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum**
**Punong Superbisor sa Edukasyon - Sangay sa Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan**
**Superbisor sa Programang Edukasyon**
**Pandistritong Superbisor sa mga Pampublikong Paaralan**
**Punongguro, Ulongguro at Gurong Namamahala ng mga Pampribado at Pampublikong Paaralang Elementarya at Sekondarya**

1. Alinsunod sa Pandibisyong Memorandum Blg. 303 na may pamagat na ***"Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2022"*** na may petsang Hulyo 29, 2022, ang Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Occidental Mindoro sa pamamagitan ng Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum (CID) ay magsasagawa ng **"2022 Birtwal na Pandibisyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!"** na gaganapin sa Agosto 26, 2022. Ipadadala sa *Messenger Group Chats* ang *link* ng *google meet* isang oras bago ganapin ang paligsahan.

2. Layunin ng gawaing ito na:
   a. itaguyod ang tuntunin ng KWF Ortograpiyang Pambansa;
   b. patuloy na maitaguyod ang mga paligsahan na lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng wastong baybay ng mga salita; at
   c. makapili ng mga mag-aaral na siyang magsisilbing kinatawan ng Sangay ng Occidental Mindoro sa gaganaping **2022 Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!**

3. Kalakip ng memorandum na ito ang mga alituntunin ng Birtwal na Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!

CID-IMS-EDE

4. Ang gawaing ito ay **LIVE-OUT**. Ang pamasahe at anomang gastusin ng mga kalahok ay magmumula sa pondong lokal/MOOE na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Hinihiling ang madalian, malawakang pagpapalaganap at pagsunod sa nilalaman ng Memorandum na ito.

**LYNN G. MENDOZA, EdD**
Nanunungkulang Pinuno
Tanggapan ng Tagapamanihalang
Pansangay ng mga Paaralan

**Kalakip: Gaya ng nasasaad**

Sanggunian: Pandibisyong Memorandum Blg. 303, s. 2022

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa Ilalim ng mga sumusunod na paksa:

| | |
|---|---|
| CELEBRATIONS | CONTESTS |
| LEARNING AREA, FILIPINO | STUDENTS |

Kalakip bilang 1 0 0 0 3 0 9

**2022 PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

| | |
|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!** |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **Isang kalahok mula sa Baitang 6** |
| **KATEGORYA** | **IISPEL MO!** |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) |
| **A. Kwalipikasyon** | 1. Isang (1) kalahok sa bawat paaralan. Maaaring mula sa publiko o pribado ang pinapayagan sa division level. Ang mananalo sa division level ang magiging kinatawan sa regional level at ang mananalo sa regional level ang kakatawan sa region sa national level na paligsahan.<br>2. Taglay ang sumusunod:<br>2.1. Nasa ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kanyang Principal;<br>2.2. Nakahandang sumunod sa mga panuntunan at patakaran ng paligsahan.<br>3. Bawat Division ay bubuoin ng tatlong (3) delegado na kalahok<br>3.1. Isang (1) mag-aaral na kakatawan sa division<br>3.2. Isang (1) tagapagsanay (coach)<br>3.3. Isang (1) pansangay na superbisor sa Filipino |
| **B. Krayterya sa Paghatol** | 1. Ang pansangay na superbisor ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksyonaryong Filipino.<br><br>2. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.<br><br>3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng mga sumusunod:<br>MADALI - 10 aytem X 2 puntos = 20 puntos<br>KATAMTAMAN - 10 aytem X 3 puntos = 30 puntos<br>MAHIRAP - 10 aytem X 5 puntos = 50 puntos<br>**KABUOAN = 100 PUNTOS**<br><br>4. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) segundo upang maisulat ang kanyang sagot.<br><br>5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling **Pansangay na Kampeon ng Iispel Mo!** |

| | |
|---|---|
| | 6. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher.<br><br>7. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:<br>7.1. Maglaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos.<br>7.2. Ang makakukuha ng mas mataas na puntos ang siyang makakukuha ng puwestong pinaglalabanan.<br>7.3. Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos, magkakaroon ng knock-out round.<br><br>8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago.<br><br>9. ***Ang mga alituntunin sa gawaing birtwal ay pag-uusapan sa Pulong-Ugnayan ng mga Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino na gaganapin sa Agosto 19, 2022*** |
| **C. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**<br>a. Testing materials (mga pangungusap kung saan nakapaloob ang mga salitang babaybayin)<br>b. Laptop with camera or android cellphone<br>c. Isang maayos na silid na may malakas na signal ng internet para sa kalahok | |

**Paalala**:

- Kung may gustong linawin, ang kalahok lamang ang may karapatang magtanong. Hindi pinahihintulutang magtanong ang mga tagapagsanay. Mainam na dalhin/ipakita ang batayan ng pagtatanong. Kung nasa aklat (Ortograpiyang Pambansa 2016) at UP Diksyonaryo ang kasagutan sa paglilinaw, maari itong tanggapin.
- ***Hindi pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa silid kung saan nakapuwesto ang ang mag-aaral para sa birtuwal na paligsahan.***
- Iwasan ang ingay sa loob ng silid .
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.